# Ang Ingay ng mga Grade 6

*Joseph C. Eco, EdD*

Sa ingay nitong silid ay mayroong katahimikan.
Na siyang bumuo nitong tula
Na siyang namang ipapabasa sa lumbay pag nag-iisa.
Maingay ang mga nasa ika-anim na grado,
Nagisisigawan nga't nagtitilian sa 'di makabuluhang bagay.
Mayroong kanya-kanya ang mundong ginagalawan
At mayroong pinipilit isiksik ang nakagisnan.
Sa mga bulyaw sa katabi ay mga pagtalsik
Na magiging simbolo ng pagkabata.
Maingay ang mga mag-aaral, mahirap silang intindihin.
Mahirap mawari kung bakit wala pang pagtunog ay nagugutom na.
Kumakalam ang tiyan na naglaman ng masasarap ng putahe.
Mahirap maintindihan kung bakit sa bawat sigaw na kanilang nililikha
Ay may katahimikan sa loob na nais kumawala.
Mahirap unawain ang bawat pagsambit nila ng "ano uli ang gagawin, ser?"
Na parang wala sa sarili sa tuwing magsisimula na ang leksyon
At mahinahong pagsagot ng mga tahimik na siyang namang nagpapaingay sa iilan.
Sa talinong taglay ay may 'di-nalalamang sakit

Na marahil ay sumasanhi sa 'di nila pag-unawa.
Mahirap ang maging guro.
Ngunit, mas mahirap ang malagay sa sitwasyon ng mga musmos na magsisipagtapos.
May 'di sigurado kung tutuloy ba kaya't ang ingay ang nagiging daan para maibsan ang pangamba.
Mayroon ding nangangamba sa pangambang 'di mo malaman.
Ngunit bakas sa mata ng mga musmos ang lungkot.
Na gawa ng tagumpay na makakamit sa pag-akyat sa entablado
Ay ang reyalidad ng pag-iisa sa buhay na kahaharapin pa.
Walang gabay, walang pag-aalayan ng luha. Wala.
Mahirap? Oo. Mahirap nga.